# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Santa Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG INAUGURAL SESSION NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HULYO 01, 2025, MARTES, IKA-10:24 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN<br>Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Jericho V. Asinas | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Roselon F. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Louie C. De Leon | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANG... RELEASED NAME DATE JUL 10 2025 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED By: 10 JUL 2025 Santa Cruz, Laguna

**KAPASIYAHAN BLG. 121- T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG PANSAMANTALANG PAGKUPKOP SA ALITUNTUNING PANLOOB NG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LAGUNA NA NAPAPALOOB SA KAPASIYAHAN BLG 401-T2022 MALIBAN SA PROBISYON NA NAPAPALOOB SA ALITUNTUNIN BLG IX (MGA PAGPUPULONG) SEKSYON 1 AT ALITUNTUNIN BLG XVIII, SEKSYON 9-10 (ANG MGA LUPON).**

**SAPAGKAT,** nakasaad sa Artikulo 103 ng Batas at Regulasyon ng Pagpapaunlad ng 1991 Kodigo ng Pamahalaang Lokal, "Sa unang karaniwang pagpupulong pagkatapos ng halalan, ang lahat ng miyembro ng Sangguniang Bayan sa loob ng siyamnapung (90) araw ay magbubuo ng pairaling panloob na alituntunin at pamamalakad ng Sangguniang Bayan ng Bayan ng Santa Cruz Laguna";

**SAPAGKAT,** kinakailangan magkaroon ng panloob na alituntunin at pamamalakad upang maging batayan ng Sangguniang Bayan sa pagdaraos ng pagpupulong;

**SAPAGKAT,** hangad ng kapulungang ito ang maayos na pamamalakad sa bawat pagpupulong na gaganapin ng Sangguniang Bayan para sa ikauunlad ng bawat mamamayan ng ating Bayan.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw, na pinangalawahan ng mga kasapi ng Kgg. Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Pansamantalang Pagkupkop sa Alituntuning Panloob ng Sangguniang Bayan ng Santa Cruz, Laguna na napapaloob sa Kapasiyahan Blg 328-T2019 maliban sa Probisyon na Napapaloob sa Alituntunin Blg IX (Mga Pagpupulong) Seksyon 1 at Alituntunin Blg XVIII, Seksyon 9-10 (Ang Mga Lupon).

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan Joseph Kris Benjamin B. Agarao, Pambayang Administrador, Lahat ng Pinuno ng Tanggapan ng Pamahalaang Bayan, Kagawaran ng Interyor at Lokal na Pamahalaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hulyo 01, 2025**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**AMYCAR O. SANTOS**
Records Officer III /
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY:

**KGG. JOSEPH KRIS BENJAMIN B. AGARAO**
Punong Bayan

LAM/CEL 25